Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG SANTA CRUZ CENTRAL NOONG IKA-07 NG MARSO, 2005, ARAW NG *LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.*

*DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN *Tagapangulo* |
| Kgg. Narciso A. Cayos | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| *Kgg. Virgilio T. Ciriaco* | .............. | *Kagawad* |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | .............. | Kagawad – ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .............. | Kagawad – SK |

*DI-DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 075-T'05

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 069-T'05 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NA HUMIHILING SA "AUDITING TEAM" NA *NAKATALAGA SA BAYANG ITO NA MAGSAGAWA NG CASH EXAMINATION SA MGA* MAY KINALAMANG TAUHAN UKOL SA PAGSINGIL AT PAGKOLEKTA NG MGA KAUKULANG BAYARIN SA PAMILIHANG BAYAN.

SAPAGKA'T, may kahilingan ang mga kasapi ng sanggunlang ito at pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 069-T'05 na makapagsagawa ng examination ang auditing team na *nakatalaga sa bayang ito sa mga may kinalamang tauhan ukol sa pagsingil at pagkolekta ng mga* kaukulang bayarin sa pamilihang bayan;

SAPAGKA'T, nagkaroon ng pagbeto ang Kgg. Punong Bayan sa naturang kapasiyahan sa kadahilanang "the same presupposes without actual basis that the auditing team is not *performing its regular functions and responsibilities";*

SAPAGKA'T, *muling iniharap ito sa sanggunian at sa pamamagitan ng pangingibabaw ng* dalawang katlong (2/3) boto ng lahat ng mga kagawad nito ay muling pinagtibay ang nasabing kapasiyahan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng kgg. Kag. Narciso A. Cayos, na *pinangalawahan ng Kgg. Kag. Alan T. Pamatmat, at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay*

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 69-T'05 ng Kgg. Sangguniang Bayan na humihiling sa "Auditing Team" na nakatalaga sa bayang ito na magsagawa ng cash examinations sa mga may kinalamang tauhan ukol sa pagsingil at pagkolekta ng mga kaukulang *bayarin sa pamilihang bayan.*

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Auditing Team ng *COA, Pambayang Ingat-Yaman, Tagapangasiwa ng Pamilihang Bayan* at mga may *kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo